
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2: Pinagmulan ng Pagkakabuo ng Pilipinas batay sa Teorya, Mitolohiya, at Relihiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Alamin

Matututunan mo sa modyul na ito ang pinagmulan ng Pilipinas batay sa Teoryang "**Tectonic Plate**", Mitolohiya, at Relihiyon. Ang teorya ng "Tectonic plate" ay nagsasabi tungkol sa paggalaw ng mga lupa. Ang mitolohiya (*myth*) ay nagpapaliwanag na ang bansang Pilipinas ay nabuo mula sa iba't ibang mga kwento ng pinaniniwalaan ng ating mga ninuno. Samantala, sa relihiyon ay pinaniniwalaang ang Diyos ang lumikha ng mundo kasama ang bansang Pilipinas. Ang mitolohiya at relihiyon ay may kaugnayan sa isa't-isa.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito ay inaasahang

Makapagpapaliwanag sa pinagmulan ng Pilipinas batay sa Teorya *(Tectonic Plate)*, Mitolohiya, at Relihiyon.

# Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ito ang tawag sa malaking masa ng kalupaan may 240 milyong taon na ang nakalipas.
   A. Asthenosphere
   B. Kontinente
   C. Pangaea
   D. Tectonic

2. Teoryang nagsasabing nagmula ang Pilipinas sa malalaking tipak ng lupain sa daigdig na naghiwa-hiwalay ilang daang milyong taon na ang nakalipas.
   A. Land Bridges o Tulay na Lupa Theory
   B. Pacific Theory o Teorya ng Bulkanism
   C. Continental Drift Theory
   D. Tectonic Plate

3. Teoryang nagpapaliwanag na dating karugtong ang Pilipinas ng Timog - Silangang Asya.
   A. Teorya ng Continental Drift
   B. Teorya ng Tulay na Lupa
   C. Teorya ng Ebolusyon
   D. Teorya ng Bulkanismo

4. Ayon sa teoryang ito, nabuo ang mga kalupaan ng Pilipinas mula sa pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng karagatan
    A. Teorya ng Tulay na lupa
    B. Teorya ng Ebolusyon
    C. Teorya na Continental drift
    D. Teorya ng Bulkanismo

5. Siya ang naghain ng teoryang nabuo ang kalupaan ng daigdig mula sa isang Supercontinent.
    A. Alfred Einstein
    B. Alfred Wegener
    C. Bailey Willis
    D. Charles Darwin

6. Alin sa ibaba ang tumutukoy sa sali-salimuot na kuwento na ang layunin ay magpaliwanag ng sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay?
    A. mitolohiya
    B. relihiyon
    C. sitwasyon
    D. teorya

7. Ayon sa paniniwalang panrelihiyon, nilikha ang tao sa pamamagitan ng isang maykapangyahiran na tinatawag na _________.
    A. Apoy
    B. Diyos
    C. Hangin
    D. Tubig

8. Sila ay naniniwala na ang Pilipinas ay mula sa libag ng katawan ni Melu, na kanilang Diyos.
    A. Badjao
    B. Bagobo
    C. Igorot
    D. Manobo

9. Sino ang Amerikanong siyentista ang naghain ng Pacific Theory?
    A. Alfred D. Wegener
    B. Bailey Willis
    C. Henry Otley Bayer
    D. Robert Fox

10. Mga tipak ng lupa sa ilalim ng katubigang nakakabit sa mga kontinente.
    A. Continental Shelf
    B. Fossilized Materials
    C. Tectonic Slate
    D. Vulcanic materials

# Aralin 1 | Pinagmulan ng Pagkakabuo ng Pilipinas batay sa Teorya, Mitolohiya, at Relihiyon

Sa araling ito ay malalaman mo ang iba't-ibang paliwanag tungkol sa pinagmulan ng pagkakabuo ng Pilipinas.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** naman kung ito ay mali at isulat ito sa sagutang papel.

1. Matatagpuan ang banasang Pilipinas sa Timog-Silangang Asya.

2. Walang kinalaman ang estratehikong lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasaysayan nito.

3. Ang bansang Tsina, Hapon, India at Arabe ang mga bansang nakipagkalakalan sa Pilipinas.

4. Malaki ang naging ambag ng lokasyon ng Pilipinas sa paghubog ng kasaysayan sa larangan ng paglalakbay at nabigasyon sa Asya.

5. Naging tagatustos o suplay ng mga hilaw na materyales ang Pilipinas sa bansang Amerika.

# *Tuklasin*

**Panuto:** Isalin ang mga nagkahalong letra upang mabuo ang tamang salita. (Arrange the Jumbled Letters) sa pamamagitan ng "hint/clue" na nasa kabila. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. **YAORET**– itinuturing bilang tama o tumpak, na maaaring gamitin bilang mga prinsipyo ng paliwanag at prediksiyon
   A. AREOTA B. TEORYA C. TOERYA D. THEORYA

2. **IMOTOLIHAY**- sali-salimuot na kuwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay
   A. IMOLOHIYA B. IMOTOLOHIYA C. MITOLOHIYA D. MITO

3. **NICTOCET ATEPL** – malalaki at makakapal na tipak ng lupa
   A. TECTONIC PLATE B. PLATONIC PLATE
   C. COASTAL PLATE D. ARIAL PLATE

4. **OBOGAB**- mga katutubong naniniwala na si Melu, ang kanilang diyos ang gumawa ng Pilipinas.
   A. BOGABO B. BAGOBO C. ABOGADO D. GOBOGA

5. **SOYID-** pinaniniwalaan ng relihiyon na siya ang gumawa ng daigdig kasama ang Pilipinas.
   A. YIDSO B. DIYSO C. DIYOS D. SOYDI

***Magaling! Kung nakuha mo ang mga tamang sagot ay maaari ka ng magpatuloy sa susunod na Gawain.***

## Suriin

Mayroon uri ng pagpapaliwanag tungkol sa pinagmulan ng pagkakabuo ng Pilipinas. Ito ay ang teorya, mitolohiya, at relihiyon. Ang teorya ay isang paliwanag tungkol sa isang penomena o pangyayari na itinuturing bilang tama o tumpak na maaaring gamitin bilang prinsipyo ng paliwanag o prediksyon. Ipinaliwanag ni Alfred Wegener ang kanyang sa teoryang **Continental Drift**, na gumalaw ang **pangaea** o malaking masa ng kalupaan ng daigdig 240 milyong taon na ang nakalipas**.** Kaugnay nito ay nakabuo ng paniniwala sa pakahati-hati ng malalaki at makakapal na tipak ng lupa kung tawagin ay *tectonic plate.* Dulot ng pag-ikot at paggalaw ng init sa ilalim ng mga *tectonic plate* sa *asthenosphere(mantle)* ay napagalaw nito ang mga *tectonic plate* palayo, pasulong, at pagilid sa isa't-isa.

Ayon kay Bailey Willis sa kanyang **Teoryang Bulkanismo o Pacific Theory**, ang Pilipinas ay nabuo bunsod ng pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng karagatan. Ang **Teoryang Tulay ng Lupa o Land Bridges** naman ay pinaniniwalaang dating kabahagi ang Pilipinas sa **Continental Shelf** o mga tipak ng lupa sa katubigan na nakakabit sa mga kontinenteng mga tulay na lupa ang mga pulo sa isa't-isa at ang ilang karatig bansa sa Timog-silangan Asya. Lumubog ang mga mababang bahagi nito dahil sa pagkatunaw ng yelo, may 250 000 taon ang nakalipas ng umapaw ang karagatan.

Ang **mitolohiya** ay mga sali-salimuot na kwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay. Ayon sa mitolohiya, may tatlong higanteng naglaban-laban gamit ang mga bato at mga dakot ng lupa. Nahulog ito sa dagat at siyang bumuo sa kapuluan ng Pilipinas. Sa paniniwala ng mga Bagobo, nilikha daw ng kanilang diyos na si Melu ang Pilipinas mula sa kanyang libag. Ayon naman sa paniniwala ng mga Manobo, ang daigdig ay mula sa kuko ng kanilang diyos

Ayon sa paniniwalang **panrelihiyon**, nilikha ng isang makapangyarihang Diyos sang buong sanlibutan kasama na ang bansang Pilipinas.

# Pagyamanin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag ukol sa pinagmulan ng sinunang tao sa Pilipinas. Isulat ang **T** kung ito ay batay sa Tectonic plate; **M** kung ito ay batay sa Mitolohiya at **R** kung itoy batay sa Relihiyon.

1. Nilikha ng Diyos ang sanlibutan kasama ang bansang Pilipinas.
2. Ang *continental shelf* ay mga tipak na lupa sa ilalim ng karagatan
3. Nilikha ni Melu ang daigdig ayon sa paniniwala ng mga Badjao.
4. Dahil sa tatlong higanteng naglabanan gamit ang bato at dakot ng lupa nabuo ang bansang Pilipinas.
5. Pinaniniwalaan ng mga Manobo na ang daigdig ay nilikha ng kanilang diyos mulas sa mga kuko nito.

# Isaisip

**Panuto:** Punan ang patlang ng mga angkop na salita para mabuo ang kaisipan ng talata. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Diyos | Melu | Mitolohiya | Teorya | Tectonic Plate |
| Tatlong | Kuko | Bagobo | Badjao | |

Ang _____________ ay isang paliwanag tungkol sa isang penomena o pangyayari na itinuturing bilang tama o tumpak na maaaring gamitin bilang prinsipyo ng paliwanag o prediksyon. Ayon sa teorya, ang paggalaw ng kalupaan ng daigdig libong taon na ang nakalipas ay tinatawag na _______________ . Ang crust ay nahahati sa malalaki at makakapal na tipak ng lupa kung tawagin ay tectonic plate.

Ang ________________ ay mga sali-salimuot na kwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay. Ayon sa mitolohiya, may ____________ higanteng naglaban-laban gamit ang mga bato at mga dakot ng lupa. Sa paniniwala ng mga _______________ , nilikha daw ng kanilang diyos na si ________________ ang Pilipinas mula sa kanyang libag. Ayon naman sa paniniwala ng mga Manobo, ang daigdig ay mula sa ______________ ng kanilang diyos.
Sa paniniwalang panrelihiyon, nilikha ng isang makapangyarihang _____________ ang buong sanlibutan kasama na ang bansang Pilipinas.

***Magaling at nakaabot ka sa gawaing ito!***

## *Isagawa*

**Panuto:** Hanapin ang mga salitang may **KAUGNAYAN** sa pinagmulan ng pagkakabuo ng Pilipinas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | W | B | T | P | A | P | T | W | R | U |
| E | D | R | E | L | I | H | I | Y | O | N |
| F | A | F | C | O | S | R | U | R | T | R |
| Y | S | K | T | K | D | U | D | U | Y | M |
| M | I | T | O | L | O | H | I | Y | A | D |
| E | T | G | N | T | E | Y | Y | N | I | Y |
| L | M | Q | I | G | T | S | O | T | E | E |
| U | G | U | C | H | O | R | S | Y | F | O |

## Tayahin

**Panuto:** Sumulat ng isang talata na magpaliwanag tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas. Gamitin ang iba't ibang pantulong na mga salita para mabuo ang iyong kaisipan. at tingnan ang rubrik sa ibaba para sa iyong gabay sa pagsulat. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

| Teorya ng Tectonic Plate | Mitolohiya | Relihiyon |
|---|---|---|
| ➢ paggalaw ng kalupaan<br>➢ malalaki at makakapal na tipak ng lupa<br>➢ palayo, pasulong, at pagilid | ➢ may tatlong higanteng<br>➢ paniniwala ng mga Bagobo<br>➢ kuko ng kanilang diyos | ➢ makapangyarihan<br>➢ mundo<br>➢ Diyos/Bathala |

**Rubrik sa pagsulat ng Talata**

| Kraytirya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Nalilinang (2) | Nagsisimula (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kumpleto at komprehensibo ang nilalaman at wasto ang lahat ng impormasyon | Kumpleto ang nilalaman at wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kulang sa nilalaman at may ilang mali sa impormasyon | Maraming kulang at mali sa nilalaman at impormasyon |
| Presentasyon | Malikhaing nailahad ang nilalaman at maayos ang daloy | Maayos na nailahad at naunawaan ang nilalaman | Hindi gaanong maayos na nailahad ang impormasyon | Hindi maayos na nailahad at hindi naunawaan ang nilalaman |
| Organisasyon | Organisa at malinaw ang nilalaman ng ideya | Organisado at malinaw, ang nilalaman ng ideya | Organisado na ideya pero may bahaging di gaanong malinaw | Hindi organisado ang ideya at marami ang bahagi na hindi malinaw ang paglalahad |
| **Kabuuan** | | | | |

## *Karagdagang Gawain*


**Panuto:** Tukuyin ang hinihinging konsepto sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa kuwaderno

Pahalang

4. Mga sali-salimuot na kwento na ang layunin ay maipaliwanag ang sagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay
5. Teorya na nagpapapaliwanag na ang Pilipinas nabuo batay sa paggalaw ng kalupaan ng daigdig libong taon na ang nakalipas.

Pababa

1. Ayong sa teoryang ito, nilikha ng isang makapangyarihang Diyos o Bathala ang buong sanlibutan kasama na ang bansang Pilipinas.
2. Isang paliwanag tungkol sa isang penomena o pangyayari na itinuturing bilang tama o tumpak na maaaring gamitin bilang prinsipyo ng paliwanag o prediksyon
3. Siya ang gumawa ng daigdig kasama ang Pilipinas ayon sa relihiyon.



## Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**
1. B
2. C
3. A
4. B
5. A

**Balikan**
Tama
Mali
Tama
Tama
Tama

**Pagyamanin**
R
M
T
M
M

**Isaisip**
1.teorya
2. tectonic plate
3. mitolihiya
4. tatlo (ng)
5. Bagobo
6. Melu
7. Kuko
8. Diyos

**Isagawa:**
1. Mitolohiya
2. Tectonic
3. Relihiyon
4. Diyos
5. Melu

**Karagdagang Gawain**
1. Relihiyon
2. Teorya
3. Diyos
4. Mitolohiya
5. Tectonic

**Tayahin**

1. Ang Teorya ng Tectonic Plate ay ang paggalaw ng kalupaan. Ayon dito, ang crust ay nahahati sa malalaki at makakapal na tipak na tinatawag ng mga tectonic plate. Dulot ang pagikot na paggalaw ng init sa ilalim ng mga tectonic plate—sa asthenosphere(mantle)ay napagagalaw rin ang mga tectonic plate palayo, pasulong, at pagilid sa isa't-isa. Dahilan ang prosesong ito hindi lang sa paggalaw ng mga kontinente kung hindi imaging sa iba pang prosesong pangheograpiya tulad ng paglindol, pagputok ng bulkan, at pagbuo ng mga kabundukan.

2. Ayon sa mitolohiya, may tatlong higanteng naglaban-laban gamit ang mga bato at mga dakot ng lupa. Nahulog ito sa dagat at siyang bumuo sa kapuluan ng Pilipinas. Sa paniniwala ng mga Bagobo, nilikha daw ng kanilang diyos na si Melu ang Pilipinas mula sa libag ng kanyang katawan. Ayon naman sa paniniwala ng mga Manobo, ang daigdig ay mula sa kuko ng kanilang diyos

3. Ayon sa relihiyon nilikha ng Diyos/Bathala ang mundo kasama ang bansang Pilipinas.